



NRCP
RESEARCH JOURNAL

Full Paper

Ilang Tala Ukol sa Butò sa mga Vocabularios noong Dantaon 17 hanggang 19

**Some Notes on butò as Depicted in Vocabularios
During the 17th to 19th Centuries**

Axle Christien J. Tugano

Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños

ajtugano1@up.edu.ph

Para sa mga sinaunang Pilipino, malinaw ang pagtatalaban ng *diwa* at *katawan* (*diwang sumasakatawan*), kung saan kabilang at/o hindi nawalay ang pagpapahalaga sa kahulugan ng butò (titi) at púki bilang bahagi ng katawan at “pagkataong Pilipino.” Ngunit sa pagdating ng ilang krisis at transisyon, partikular sa panahon ng kolonyalismong Español, kanilang nabago at/o binago ang mayamang pagpapakahulugan ng mga Pilipino sa katawan. Ang noo’y simbolo ng fertilidad, ginhawa, at eguwalitaryong uri ng lipunan ay itinumbas na bilang larawan ng “kalaswaan” at “karnalidad.” Itinutuon ng artikulong ito ang pagbabalik-tanaw sa butò at ilang pagpapakahulugan dito batay sa mga inilathalang *vocabularios* noong dantaon 17 hanggang 19. Mula sa mga tinipong salita ng mga Español kaugnay ng butò, itinatampok sa pag-aaral na ito ang pagtatala ng (1) mga tinipong katawagan; (2) bahagi at/o kabahagi; at (3) ginagawa sa butò. Sa huli, mauunawaan kung bakit ganap na “nabago” at nagkaroon ng isang “kolonyal na kahulugan” ang butò na kakikitaan ng epekto sa kasalukuyang lipunan ng mga Pilipino.

Mga Susing Salita; butò, katawan, *vocabularios*, kolonyalismo, pagkataong Pilipino

For the ancient Filipinos, there is a clear conjunction between *diwa* (spirit) and *katawan* (body) or embodied spirit (*diwang sumasakatawan*), where butò (penis) and púki (vagina) belong and/or not separated in essence as part of the body and “the Filipino humanness.” But when it comes to some crises and transitions, especially during the Spanish colonial period, they changed the rich notion of the Filipino’s concept of the body. What used to be the symbol of fertility, pleasure, and egalitarianistic society became equated with an image of “lust” and “carnal.” This article sheds light on the retrospective definition of butò and some meanings given

as provided by the published *vocabularios* from the 17th to 19th centuries. From the words gathered by the Spaniards regarding *butò*, this study noted the (1) compiled nomenclatures; (2) direct and relative parts; and (3) actions involving *butò*. This study demonstrated how the definition of *butò* “changed” and given “notions of coloniality” which effects remained prevalent in the present Filipino society.

Keywords; *butò* (penis), body, *vocabularios*, colonialism, Filipino humanness

Article history

Received : 6 September 2024

Revised : 25 September 2024

Accepted: 27 September 2024

Introduksyon

Ang *butò* (*titi*), *púki*, *bayag*, *tinggil*, *tamod*, *puwit*, at iba pa—ilan sa mga salitang pinararatangang “*bastos*” at ikinahon sa tila kongklusibong ideya ng “*pornograpikong usapin*” ay bahagi ng *diwa* at *katawan* (*diwang sumasakatawan*) ng mga Pilipino. Sa ilang kaso ng Pilipinas, isang kadalasang panlipunang reyalidad kung ituring ang pag-iwas sa usapin ng ari (*genitalia*), gayong makikita ang lawak at lalim ng kahulugan, kabuluhan, at katuturan nito sa matandang lipunang Austronesyano at ilang katutubong pangkatsa Pilipinas. Naging mapanganib ang pananangkapan ng sexista at patriyarkal na lipunan sa *butò* bilang simbolo ng pinaniniwalaang “*katapangan*” at “*kalakasan*,” gayong sa lipunang Austronesyano, ang *butò* at *púki* ay magkapantay. Marami na ang nakapag-aral at nakapagpunla sa ideyang Pilipino ukol sa pagkataong Pilipino (Covar, 1993; Salazar, 1999) at kagyat itinatawid sa usapin ng kasarian at seksuwalidad. Gayumpaman, hindi gaanong nabibigyan ng pansin ang mga *genitalia*, gayong iginiit ni Guillermo (2009) na isa ito sa mga bahagi ng katawan na bubuo sa *pagkataong Pilipino*. Samakatuwid, marapat na maipasok ang lipunang Pilipino bilang isang halimbawa ng tinukoy ni Turner (1992) na *somatic society* o isang uri ng lipunang nag-aaral sa “*katawang tao*” o “*katawan ng tao*” bilang lunsaran ng politikal at kultural na pagsipat (Turner, 1992 as cited by Shilling, 2003, p. 1):

The body is very important in these secular eschatologies. In post-modern debates, the body acquires the aura of a special nostalgia in a world of risk, uncertainty and disorganization...These medical and demographic developments, therefore, lend weight to the need for a new concept of modern societies as somatic. We might define the somatic society as a social system in

which the body, as simultaneously constraint and resistance, is the principal field of political and cultural activity. The body is the dominant means by which the tensions and crises of society are thematized; the body provides the stuff of our ideological reflections on the nature of our unpredictable time (Turner, 1992, p. 12).

Ang pananaliksik na ito ay may layuning bigyang-pansin ang *butò* bilang isa sa mga bahagi ng katawang Pilipino na kinakailangang mabigyan ng kahulugan at simbolismo batay sa lipunan at kulturang Pilipino. Isa sa mga naging ambag nito ay siyasin ang kahulugan ng *butò* batay sa lipunang kolonyal. Naging mahalaga sa pag-aaral na tingnan ang anomang pagbabago sa kinagisnan at kinapamihasnang lipunan ng mga Pilipino nang sila’y dumaan sa kolonyalismong nagpatingkad ng Kanluraning batayan ng “*etika*” at “*moralidad*.”

Linga, Titi, Butò: Ilang termino bago ang Kolonyalismo

Bagaman sari-sari na ang katawagan sa *genitalia* ng kalalakihan sa kasalukuyang panahon, nakatiyak ang pag-aaral na ito na ang *butò*, *linga*, at *titi* ay ilan lamang sa mga laganap na termino ukol dito. Sa aking tinatapos na tesis/pag-aaral, natuklasan sa pamamagitan ng mapa na ang **butuq*, **lasuq*, at **qutin* ay silang pinagmulan ng mga kogneyt sa buong wikang Austronesyano/Proto-Austronesyano (PAN) na siyang sumasakop sa lahat ng mga wika sa Pilipinas. Gayumpaman, may ilang kataga rin ang kailangang mabigyan ng kahulugan gayong ang mga ito ay naabutan at naitala rin ng mga Español sa kanilang pagdating—ang *linga* at *titi*.

Linga

Hindi direktang nabihag ng impluwensiyang Hinduismo-Buddhismo ang Pilipinas, ngunit ayon kay Bellwood (1985), lumakas ang elementong ito sa Timog Silangang Asya noong unang milenyo ng pagpasok ng Kristiyanismo, habang sa ikalawang milenyo ay titindi rin ang pagpasok ng elementong Tsino at Muslim-Arabe (Bellwood, 1985, as cited

by Ambrosio, 2010, pp. 37, 45, n. 9). Sa katunayan, mas maiuugat at/o maituturo ang impluwensiyang Hinduismo-Buddhismo sa kasalukuyang bansa ng Myanmar, Laos, Cambodia, Vietnam, Thailand, Malaysia, at Indonesia. Sa kaso ng Pilipinas, inangkin lamang nito ang ilang elemento ng Hinduismo-Buddhismo sa pamamagitan ng Indonesia at Malaysia (Lasco, 2014). Mahalaga rin ang naging pagdiin nina Francisco (1977), Blust (1980), at Salazar (1998) sa halaga ng lingguwistika upang patotohanan ang ganitong pag-aangkin bilang bahagi ng pag-uugnay. Para kina Francisco (1977) at Salazar (1998), ang antas ng lingguwistika ay isang patunay na mayroong pag-aangking ginawa ang mga Pilipino sa ilang Indianong kalinangan sa pamamagitan ng kalakasang puwersa ng Indonesia at Malaysia (Francisco, 1977, p. 580; Salazar, 1998, pp. 59-61 as cited by Lasco, 2014). Ito rin ang pinatingkad ni Blust (1980) na dahilan kung bakit tuluyang lumakas ang impluwensiyang pangwika ng Malay—na nasasalamon sa daan-daang hiram na salitang Sanskrit sa rehiyon ng Pilipinas—kahit hindi tuwirang nabihag ng huli ang sibilisasyong Indian dahil Maláy mismo ang pinakamalakas na wika ng pagsasalin ng lahat ng bokabularyong Sanskrit na nagmula sa mga rehiyong ganap na nabihag ng impluwensiyang Indiano (Blust, 1980, pp. 29-30 as cited by Ambrosio, 2010, pp. 37, 45, n. 11). Ang pag-aangkin at/o pag-uugnay ng Pilipinas at Hinduismo-Buddhismo ay kapwa mapatotohanan ng lingguwistika at arkeolohiya.

Sa lingguwistika, may ilang etnolingguwistikong pangkat sa Pilipinas ang mapapansing may labi ng ilang impluwensiyang Hinduismo-Buddhismo. Nakapagtala si Ambrosio (2010) ng ilang katawagan sa kalangitan na pinagsalohan ng mga wikang Pilipino at Sanskrit—katulad ng *Bathala/Bhattara*, *Diwata/Devata*, *Laho/Rahu*, *Garahana/Grahana*, *Naga/Naga*, *Naraka o Neraka/Naraka*, *Putika/Ghatika*, *Surga/Svarga*, *Tala/Tara*, at *Utala/Uttara*. Nakapagtala rin ng ilang ugnayang salita na may kinalaman sa batas, bulaklak, at higit sa lahat, sa bahagi ng katawan—i.e. ang Sanskrit na *mukha/muka* (Tagalog), *moka* (Mangyan), *rupa* (Ilokano); ang Sanskrit na *kapala* para sa bungo ay siya ring gamit ng Maguindanao bagaman para sa ulo; at marami pang iba (Lasco, 2014, p. 157). Gayumpaman, kung hindi mapagkamalian, hindi naitala ang katumbas na katawagan sa katawan at/o bahagi ng katawan na may kinalaman sa *genitalia* o butò gayong sa wikang Sanskrit ay laganap at marami itong kahulugan. Kapansin-pansin ang paglitaw ng *linga* o *liGga* bilang malapit na kahulugan nito. Sa konteksto ng pananampalatayang Hinduismo-

Buddhismo, ang *linga* o *lingam* ay isang anikonikong (*aniconic*) representasyon para sa Diyos na si Shiva. May ganap itong kahulugan bilang “simbolo” o “representasyon” (*murti*). Kadalasang lilitaw ang *linga* sa *Upanishads* o mga *post-Vedic* na pilosopikal na sulating nagsisiwalat ng transisyonal na proseso ng mga sinaunang ritwal patungo sa ganap na paniniwala at/o pananampalataya (see Whitney, 1886, p. 1). Gayumpaman, ayon sa pag-aaral ni Wayman (1987) na “O, That Linga!”, na ang *linga*—labas sa pilosopikal na interpretasyon ng Shivanism—ay isang *phallus*, at hindi at/o wala itong kaugnayan sa ilang pagsamba sa erotikong *linga-yoni* sapagkat ang orihinal nitong kahulugan ay nakatuon sa kapangyarihan at kosmikong balanse (Wayman, 1987, p. 29):

Phallic worship was apparently carried on in later times by a different word, *linga*... It is well to point out that phallic worship is not the same thing as eroticism, because that type of worship is not of the human penis as such, or of the human vulva as such. Rather, the sex organs became symbols of the power and mystery of creation. Therefore, it is not to deny the existence of passages, indeed their relevance for citation, that would identify the phallus with the term *liṅga*, or that some of the art representations of Siva are similarly interpretable (Wayman, 1987, p. 29).

Anopaman ang naging pagtaliwas at/o pag-uugnay sa Shivatikong simbolismo ng *linga*—ito man ay isang *phallus* o hindi—malinaw na ang huling kahulugan ang nakarating sa ilang bahagi ng Pilipinas sa pamamagitan ng Indonesia at Malaysia. Hindi na karaniwang maririnig at/o marahil mauunawaan sa kasalukuyan ang *linga* bilang butò sapagkat matagal na itong nawala at/o naglaho dulot ng pagpasok ng Islam at Kristiyanismo sa Pilipinas. Isang patunay rito ang naging obserbasyon ni Potet (2017) sa dalawang *vocabularios* ni San Buenaventura (1613) at nina Noceda at Sanlucar (1860) na kapwa inilarawan ang **linggá* bilang *diablo* at Diyos (*idolo*) (San Buenaventura, 1613, p. 361; Noceda at Sanlucar, 1860, p. 184). Samantala, sa diksiyonaryo ni Sir Monier Williams (1899), ang *lingga* ay isang *phallus* (Williams, 1899, p. 901 as cited by Potet, 2017, p. 410). Kaya sa pagbasa ni Potet (2017), ang kasalatan ng pagpapakahulugan nina Noceda at Sanlucar (1860) sa **linggá* ay nagpapatunay na noong kalagitnaan ng dantaon 18, naglaho at/o ganap nang hindi makikita ang “Hinduist cult of the Holy Phallus” na ito (Potet, 2017, p. 410). Gayumpaman, ang kasalatang ito ay hindi

nangangahulugang walang esensiya ng **linggá* sa sinaunang pamayanan ng mga Pilipino. Maaaring paratangang salat nga sa antas ng lingguwistika ngunit hindi sa ilang arkeolohikong pagtuklas. Liban sa Ginintuang Imahen ng Tara (Agusan); Buddhismong medalyon sa Calatagan, Batangas; Garuda sa Brooke's Point, Palawan; Imahen ni Shiva at tansong estatuwa ni Ganesha sa Mactan; at Imahen ng Lokesvara sa Tondo (Lasco, 2014, p. 155), may natagpuan ding *linga* na isang butò. May mga natagpuang *phallic objects* sa Laguna (at sa baryo ng *Linga*) at Pinagbayanan (Tenazas, 1968; Santiago, 1997) na sasang-ayunan din ng mga kasalukuyang pag-aaral (Barretto-Tesoro, 2013; Salazar, 2013) na kalauna'y gagawing batayan diumano ng ilang phallickong ritwal sa Pilipinas. Para kay Churchill (1977), ang **linggá* sa sinaunang Tagalog ay isa nang *phallus* na siyang makikita rin sa Laguna at sa posibleng *linga-yoni* sa Magsingal, Ilocos Sur (Churchill, 1977, pp. 30-31, 42).

Titi

Nagmula ako sa lipunang Tagalog na ang tawag sa butò ay *titi*. Gayumpaman, ito ay hindi laganap sa mga etnolingguwistikong pangkat. Ngunit, hindi rin naman sinasabing hindi batid ng sangkaPilipinuhan ang *titi* bilang termino para sa butò at/o katumbas ng **batu*, **butuq*, **lusiq* o **lasuq*, at **qutin* sapagkat nakauunawa naman ng Tagalog ang mayoryang Pilipino. Ang *titi* ay partikular sa Chabacano (Cavite) (Rios, 1989, p. 141), wikang *creole* sa ilang bahagi ng Pilipinas. Ayon kay Aguila (2023), isa ang diksiyonaryong isinulat ni Francisco de San Antonio (1624) na *Vocabulario Tagalo* sa nakapaglabas ng salitang *tití*. Gayumpaman, ang kahulugan ng *tití* rito ay hindi isang butò kundi katapangan—i.e. *titing tapang*:

TITÍ. pp. Eскурrimiento ó agotamiento de algún licor. Y de aquí: **Natití ang laháť na ari sa pag-oosap**. [También es: valiente. **Titíng tapang**. Valentía verdadera. **Pinagtitiin ang bag-áng**. El que se hace fuerza, y muerda de la lengua.] (akin ang mga diin) (San Antonio, 1624, p. 271).

Ipinagpalagaykong hindi taal o posibleng isang hiram na salita (loan word) ang *titi* para sa butò sapagkat kung pagbabatayan ang wikang Austronesyano, ang Proto Malayo-Polynesian (PMP) na **titi*, sa Pilipinas man o sa Indo-Malay, ay nangangahulugang suso, utong, o pagsipsip ng suso at/o utong (*breast*, *suck the breast*). Ito ang kahulugan ng **titi* para sa mga Aklanon, Agutaynen, Cebuano, at Muna (Blust at Trussel, 2010). Magkaugnay ang **titi* at **titiq* ng

Hiligaynon, at ang *titi?* o *mag-titi?* na tumutukoy sa utong at/o sa pagsipsip dito (Blust at Trussel, 2010), gayundin ang mga kogneyt *nitong titi?*, *titay*, at *niti?* na laganap sa Western Malayo-Polynesian (WMP) ng Indo-Malay partikular na sa mga Tatana, Abai Sembuak, Tingalan, Belait, Lun Dayeh, Bintulu, Rejang, Bonerate, Muna, at Popalia, na pawang mga suso at/o utong ng babae (Blust at Trussel, 2010). Aabot pa ito hanggang Central Malayo-Polynesian (CMP) (i.e. Soboyo) at Oceanic (OC) (i.e. Hiw) na may ganoon ding kahulugan (Blust at Trussel, 2010).

Sa kabilang banda, ipinagpapalagay ko rin na ang *titi* bilang butò ay bahagi pa rin ng wikang PAN. Ayon sa pag-aaral ni E. Arsenio Manuel (1991) na "Introducing Philippineasian," maituturo ang *titi* sa orihinal nitong monosilabikong *ti'* na buhat sa mitolohikal na tagapaglikhang Diyos ng Austronesyanong Polynesia na si *Tiki* (Manuel, 1991, p. 35). Si *Tiki* (Moana Tiki) ay kilala sa mitolohiyang Māori at Paea Tahiti, French Polynesia na maaaring maging isang lalaki (*ti'*) o isang babae (*ki'*), kaya ang *ti'* (*ti.ti'*) ay para sa nauna at ang *ki'* (*ki.ki'*) naman sa huli. Siya ay idolong inilagay at sinamba sa mga *marae* o platapormang pangritwal (Rivers, 1920, p. 296; Tenazas, 1982, p. 14; Lasco, 2015, p. 33). Kaya naman, nakatatayo bilang mga nagsasariling salitang may kahulugan ang *ti'* at *ki'* na dumaan lamang sa reduplikasyon ng pantig sa pagdaan ng panahon. Naging diretsong bigkas o nawalan ng *glottal* na tunog ang *ti'* (*ti.ti'*) dahil sa impluwensiya ng mga Tsino (Manuel, 1991, p. 35). Kung hindi man, katulad ito ng ilang wikang PAN na kadalasang nagtatanggal ng unang katinig sa mga salita— i.e. *pu.ki* na naging *u.ki* (cf. *ukininam* ng mga Ilokano = *pu.ki* ng *nanay mo*). Malinaw ang pagbabago sa salitang ito ay dulot ng malawakang paggalaw ng mga wikang Austronesyano:

In Polynesian languages, there is such evidence and this is a good proof of the relationship perhaps that the Proto-Austronesians had with the Chinese language and Philippineasian. Such occurrence dates the movement of Proto-Austronesians into Polynesia (Manuel, 1991, p. 35).

Ayon naman sa ilang batis, nagmula ang *ti.ti'* sa wikang Hok-kien 弟弟 (*tî-tî*, 'penis') na magiging *tite*, /*tite?*/, o [*ʔi.te?*] sa kaantasang kolokyal nito sa kasalukuyan (Wiktionary n.d.) at posibleng lumaganap na lamang dulot ng interkultural na pagtatagpo ng mga Tsino at mga Pilipino (cf. pagtatagpo ng wikang Hiligaynon at Hok-kien, see Madrid, 2013, pp. 100-126). Ang wikang Hok-kien ay


nagmula sa lalawigan ng Fujian o Fukien sa Timog Silangang Tsina. Ayon kay Madrid (2013), *lan-nong* ang lokal na bersiyon ng Hok-kien na ang ibig sabihin ay “wika ng kababayan.” Sa kaso ng Iloilo, dalawa ang ginagamit—Quangzhou o *provincial Hok-kien* at Xiamen o Amoy na galing naman sa mga lungsod ng Xiamen at Taiwan (Madrid 2013, 121). Liban sa 弟弟 (tī-tī), tampok din sa wikang Hok-kien bilang kasingkahulugan ang *im-keng* (陰莖), *iông-khi* (陽器), *lān-chiáu* (陰莖, 屖), *lān-sui* (龜頭), at *lān-chiáu-thâu* (龜頭) (de Leon, n.d.). Samakatuwid, ang *titi* bilang isang butò, bagaman komplikado ang etimolohiya, ay malawakan pa ring ginagamit hanggang sa kasalukuyan, partikular na ng mga Tagalog.

Butò at ang Vocabularios ng mga Español

Habang nabigyan ng espasyo ang wikang Austronesyano at lahat ng wikang Pilipino at/o wika sa Pilipinas, may pangangailangan din na mabalikan ang ilang *vocabularios* ng mga Español upang maunawaan at malaman ang naging kahulugan at/o saysay ng butò sa lipunang kolonyal. Ang *vocabularios* ay nilikha ng mga Español para sa kanilang sariling kapakinabangan—i.e. upang malaman ang wika ng katutubo, yamang ang mga misyonero’t prayle ay nadedestino sa isang pamayanan sa napakahabang panahon. Ayon sa historyador na si Tangingco (2006), ang *vocabularios* ay naging susi upang mabuksan ang lingguwistika at antropolohikal na saysay ng mga katutubo. Hanggang ngayon, ang *vocabularios* na ito ay napakikinabangan ng mga Pilipino (Tangingco, 2006, pp. 12-13 as cited by Alfonso, 2023, p. 23). Sinipi ni Alfonso (2023) ang ilang pahayag ukol sa pinagmulan ng *vocabularios* na aniya’y produkto ng *Manila Synod of 1582* matapos ipatawag ni Domingo de Salazar ang lahat ng misyonero at kaparian upang mapangalagaan ang mga katutubo mula sa pang-aabuso ng mga militar at opisyal na Español (Alfonso, 2023, p. 26). Layunin din ng

Manila Synod of 1582 na pag-aralan ang kultura ng mga katutubong Pilipino habang pinatitingkad ang nilalaman ng Decreto 1555 na nagsulong sa paglaganap ng wikang Español. Masisimulan lamang ito kung pag-aaralan muna ng mga misyonero ang mga katutubong wika sa Pilipinas (Alfonso, 2023, p. 29).


Ayon kay Scott (1994, p. 2), ang mga talang maituturing bilang pinakamayaman sa etnograpiya ng katutubong Pilipino ay ang mga *vocabulario* na tinipon at/o inilathala noong maagang bahagi ng dantaon 17 (Fig. 1). Kabilang dito ang mga *vocabulario* para sa Tagalog—ang *Vocabulario de la Lengua Tagala* ni Pedro de San Buenaventura (1613) (Fig. 1a); *Vocabulario Tagalo* ni Francisco de San Antonio (1624) (1b); at *Bocabulario Tagalo* ni Miguel Ruiz (1630) (1c). Gagamitin din sa bahaging ito ang ilan pang *vocabulario* ng Tagalog—ang *Vocabulario de la Lengua Tagala* ni Domingo de los Santos (1730) (1d); *Vocabulario de la Lengua Tagala* ni Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar (1860) (1e); at *Diccionario Hispano-Tagalog* ni Pedro Serrano Laktaw (1889) (1f). Ang huling dalawa ay nailathala sa halos huling bahagi ng dantaon 19. Mahalaga naman ang *Vocabulario de la Lengua Bisaya* ni Matheo Sanchez (1711) (1g) para sa mga Bisayas; *Vocabulario de la Lengua Pampanga* ni Diego Bergaño (1732) (1h) para sa mga Kapampangan; *Vocabulario de la Lengua Ilocana* ni Andres Carro (1849) (1i) sa mga Ilokano; at ang *Vocabulario de la Lengua Bicol* ni Marcos de Lisboa (1865) (1j), ang itinuturing na “pinakamatanda” na kolonyal na ulat ukol sa mga Bikolano (Lobel, 2004, p. 471).



1a. Vocabulario de la Lengua Tagala. Order of Friars Minor (OFM) na na vocabulario na tinipon ni Fray Pedro de San Buenaventura noong 1613 (San Buenaventura, 1613).



1b. Vocabulario Tagalo. Order of Friars Minor (OFM) na vocabulario ni Fray Francisco de San Antonio noong 1624 (San Antonio, 1624).



1c. Bocabulario Tagalo. Order of Preachers (OP) na vocabulario ni Miguel Ruiz noong 1630 (Ruiz, 1630).




1d. Vocabulario de la Lengua Tagala. Isang vocabulario na tinipon ni Domingo de los Santos noong 1730 (De los Santos, 1730).



1e. Vocabulario de la Lengua Tagala. Vocabulario na tinipon nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar noong 1860 (Noceda at Sanlucar, 1860).




1f. Diccionario Hispano-Tagalog. Tinipon ni Pedro Serrano Laktaw noong 1889 (Serrano Laktaw, 1889).



1g. Vocabulario de la Lengua Bisaya. The Society of Jesus (SJ) na vocabulario ni Fray Matheo Sanchez noong 1711 (Sanchez, 1711).



1h. Vocabulario de la Lengua Pampanga. Order of the Hermit Friars of Saint Augustine (OSA) na vocabulario ni Fray Diego Bergaño noong 1732 (Bergaño, 1732).



1i. Vocabulario de la Lengua Ilocana. Order of the Hermit Friars of Saint Augustine (OSA) na tinipon ni Fray Andres Carro noong 1849 (Carro, 1849).



1j. Vocabulario de la Lengua Bicol. Order of Friars Minor (OFM) na tinipon ni Fray Marcos de Lisboa noong 1865 (Lisboa, 1865).

Mula sa *vocabularios*, titingnan sa bahaging ito ang naging pagpapakahulugan sa butò at/o mga kaugnay nito. Mula sa *vocabularios* na naging batayan (Talahanayan 1), ang pagsusuri sa kahulugan ng butò ay hinati sa tatlong tema: (1) mga

tinipong katawagan; (2) bahagi at/o kabahagi; at (3) ginagawa sa butò. Sa unang tema, inilalatag dito ang litaw na “katulad” na kahulugan. Ang ikalawa ay may kinalaman sa mga kaugnay na bahagi tulad ng testikulo, tamod, at iba pa. Ang ikatlo ay tumutukoy sa mga aktibidad.

Talahanayan 1. Ang butò sa mga bokabularyo at/o diksiyonaryong Español.

Diccionarios	(1) katawagan sa butò	(2) bahagi at/o kabahagi ng butò	(3) ginagawa ng/sa butò
San Buenaventura (1613) [Tag.]	Otog Bihag Catog	BINATINGAN BAYAG Busisi	---
San Antonio (1624) [Tag.]	+LINGÁ*	BOLBÒL* TOBOR	+TULÎ IYÔT SALSÁL* SIPSÍP*
Ruiz (1630) [Tag.]	Titî	BAYAG Tòbod	lyot SALSAL*
de los Santos (1703) [Tag.]	---	Esperma Puti puti Semilla*	Chupar (Nğolnğol)*
Sanchez (1711) [Bis.]	Boto	Lagay Ytlog Binhi*	---
Bergaño (1732) [Kap.]	BUTU Bilasisi / BULASISI SIPUT	CUPAL BANIS Binhi, punla*	AYUT BURAT Magbulasisi/Magburat TAUING Bilditan Alungalunğan Tacdac, tindac, tundac

Pagpapatuloy ng Talahanayan bilang 1.

Diccionarios	(1) katawagan sa butò	(2) bahagi at/o kabahagi ng butò	(3) ginagawa ng/sa butò
Carro (1849) [Ilk.]	<i>Bóto</i>	<i>Láteg</i> <i>Nğodó</i> <i>Câpuer</i> <i>Perpér</i> <i>Cassit /Quissit</i>	---
Noceda at Sanlucar (1860) [Tag.]	<i>OTIN</i> <i>COSINGSING</i>	<i>BAYAG</i> <i>Lamor</i> <i>PUTIPUTI</i>	<i>SALSAL*</i> <i>TULI</i>
Lisboa (1865) [Bik.]	<i>BOTO</i> <i>Golong</i> <i>LOSI</i> <i>PISOT</i>	<i>Bayag</i> <i>CURAP</i> <i>LAPIT</i> <i>Semilla*</i> <i>TAGOC</i> <i>cayo, laes, lauan</i>	<i>Latog</i> <i>Uiguig</i> <i>SALSAL*</i>
Serrano Laktaw (1889) [Tag.]	---	<i>TESTÍCULO</i> <i>BOLSA</i> <i>SEMILLA*</i> <i>SIMIENTE*</i>	<i>Salsal*</i>

Sa sampung diksiyonaryo, anim dito ang Tagalog (San Buenaventura, 1613; San Antonio, 1624; Ruiz, 1630; delos Santos, 1703; Noceda at Sanlucar, 1860; Serrano Laktaw, 1889); isa ang Bikolano (Lisboa, 1865); Kapampangan (Bergaño, 1732); Ilokano (Carro, 1849); at isa ang Bisaya (Sanchez, 1711). Batay sa aking pagtitipon, hinanay ang mga resulta mula sa (1) katawagan sa butò, (2) mga bahagi at/o kabahagi na may kaugnayan sa butò, at (3) mga ginagawa sa butò. Tinipon ni AXLE CHRISTIEN TUGANO. *Batay ito sa aking personal na pagbasa sa kahulugan ayon sa mga siniping diksiyonaryo. Ipinagpalagay rin ang tendensiya ng metapora at ibang kahulugan para rito.

Vocabularios at Katawagan sa butò

• *pisot* (Bik.)— butò na hindi tuli

Natumbasan ng ilang vocabulario ang kahulugan ng butò sa iba't ibang wikang katutubo. Liban kina de los Santos (1703) at Serrano Laktaw (1889) na hindi nakitaan ng mga salita at/o panumbas para rito, nakapagtala ang lahat ng ilang termino para sa butò:

- *otog* (Tag.)—membrum virile
- *bihag* (Tag.)—membrum viri
- *catog* (Tag.)—virile membrum
- *+liñgá* (Tag.)—idolo o estatwa na mayroon na sila
- *titî* (Tag.)—kabahagi ng mga batang lalaki
- *boto* (Bis.)—membrum virile
- *butu* (Kap.)—membrum virile
- *bilasisi / bulasisi* (Kap.)—ulo ng butò (virilis membri caput)
- *siput* (Kap.)—butò na hindi tuli
- *bóto* (Ilk.)—kabahagi ng lalaki
- *otin* (Tag.)—membrum virile
- *cosingsing* (Tag.)—kabahagi ng kalalakihan
- *boto* (Bik.)—membrum virile
- *golong* (Bik.)—ulo ng butò
- *losi* (Bik.)—ulo ng butò

Karaniwan ang paglitaw ng *membrum virile* o *viril* bilang depinisyon ng butò. Sa pagtutumbas ni San Buenaventura (1613, p. 48), ang *otog*, *bihag*, at *catog* ay nangangahulugang *membrum virile*. Gayumpaman, hindi na ito karaniwang maririnig sa ngayon bilang bansag para sa butò. Mas may kinalaman na ito sa nararamdaman ng katawan—i.e. *cungmacatog/nagcacatog* = “nangangatog.” Ang *otog* ay hindi na rin maitutulad ngayon sa butò. Ang *utog*, ayon sa aking pakikipanayam sa historyador na si Kristoffer Esquejo (personal communication, 2021) sa kaso ng mga Romblomanon, ito ay mas naiuugnay sa mga bagay na “nakapagpapatigas ng titi [butò]” kaysa kabuoang konsepto ng libog, na mas akma para sa *uyag* (Newell, 2006, p. 816). Liban pa rito, *membrum virile* din ang kahulugan ng *boto* ng Bisaya (Sanchez, 1711, p. 88); *butu* ng Kapampangan (Bergaño, 1732, p. 102); *boto* ng Bikolano (Lisboa, 1865, pp. 65, 78); at *otin* ng Tagalog (Noceda at Sanlucar, 1860, p. 553). Ngunit kaiba sa paliwanag ni Bergaño (1732, p. 102) sa *butu*, mayroon din itong euphemismo na *calalaqui* o *butubutu* na mas ginagamit sa maliit na metal (*clapper*) na responsable upang tumunog ang kampana at/o kampanya. *Batingting* ang tawag dito ng mga Tagalog. Sa katunayan, hindi naman talaga wikang Español ang *membrum virile* kundi

isang salitang Latin na *mentula* (Messing, 1956, p. 247) para sa butò, ngunit sa ngayon ang *mentula* ay direktang salin para sa metal. Para naman kay Adams (1985, p. 242), ang *membrum virile* ay nakaugnay sa *-mas*—i.e. ang pinagmulan ng *-mas* at *turbari* = **mas-turbari* o **man-stuprari* na kapwa nangangahulugang “pagdudungis ng sarili gamit ang kamay” at “pagpapaligaya ng *membrum virile*” o sa madaling salita, pagsasalsal.

Para naman kay Ruiz (1630, p. 556), ang *genitalia* ng mga lalaki ay tinatawag na *titì*, ngunit ito ay karaniwan lamang sa mga batang lalaki (*niños*). Liban pa rito, ang *titì* (butò) ay nailarawan bilang “*parte verenda*” na nakadugtong sa katawan (*ponong cataoan*) katulad ng *puqui* at *tilin* ng kababaihan (Ruiz, 1630, p. 741). Sa ngayon, ang *verenda* o *beranda* ay isang maliit na bahagi ng bahay na nakadugtong sa mas malaking bahay. Kung para kay Ruiz (1630), ang *titì* (butò) ay isa lamang “karugtong” ng katawan ng mga lalaki at/o batang lalaki, para naman sa *bóto* ng Ilokano (Carro, 1849, p. 60) at *cosingsing* ng Tagalog (Noceda at Sanlucar, 1860, p. 553), ito ay “kabahagi”—samakatuwid, hindi ganap na bahagi. Para kay Carro (1849, p. 60), ang *bóto*, katulad ng *óqui* ng kababaihan, ay isang “kabahagi” ng katawan na “nakahihyang hubaran” (*sibo a la vergüenza*).

Sa ilang *vocabularios*, inilarawan ang butò hindi batay sa kabuoang sukat nito. Karaniwan, tinutukoy lamang ang ulo ng butò (*glans*). Para kay Bergaño (1732, p. 94), ang *bilasisi* o *bulasisi* ay ulo ng butò (*virilis membri caput*). Gayundin, para kay Lisboa (1865, pp. 16, 65, 237), ang *golong* at *losi* ay hindi ang buong estruktura ng butò kundi ang “*cabeza de el miembro viril*” o ang ulo lamang ng butò. May paglalarawan din sa pag-uuri ng estruktura ng butò. Bagaman matatalakay naman sa susunod na bahagi ang *pagtutuli* bilang gawain at/o ginagawa sa buto, may ilang *vocabularios* ang nagdiin sa butò na hindi natutuli. Para kay Bergaño (1732, p. 338), *siput* ang tawag sa mga hindi natuling butò, at samakatuwid, kabaliktaran ng *tuli*. Ganito rin ang *pisot* ng Kabikolan (Lisboa, 1865, pp. 65, 287).

Katulad nina de los Santos (1703) at Serrano Laktaw (1889), walang direktang pagbanggit si San Antonio (1624) sa mga katumbas ng butò. Gayumpaman, ipinagpalagay ko na malapit sa butò ang kaniyang inilakip na *liñgá* bilang estatwa o idolong sinamba ng mga Tagalog (San Antonio, 1624, p. 152). Sa sinaunang pamayanan ng mga Tagalog, ang *liñgá* at *bibit* ay kapwa sumasagisag sa butò. Bagaman walang depinitibong paglalarawan sa *bibit*, ang kaniyang *emblem* ay mismong butò (*genitalia*)

at hayagang sinamba ng mga babaylan (Religer, n.d.; Potet, 2017, pp. 129, 220). May pagbanggit din si San Buenaventura (1613, p. 793) sa *bibit* at *liñgá*, ngunit mas “*demonyo*” (*otro diablo*) ang paglalarawan niya sa huli, katulad ni San Antonio (1624, p. 152) na inilarawan ito bilang “estatwa at idolo” na sinamba ng mga katutubo. Kung paniniwalaan naman ang impluwensiyang Hinduismo-Buddhismong bumihag sa Pilipinas, ang *liñgá* ay may direktang kahulugan na “sagradong butò” ni Shiva na karaniwang sinasamba sa mga kahoy na hinulmang butò—ang *shivling* o *shiva lingam* (Potet, 2017, p. 410; Clark, 2018). Hindi hitik sa kahulugan ng butò ang *vocabulario* ni San Buenaventura (1613) at nina Noceda at Sanlucar (1860), gayong naipaliwanag ang pagbaybay sa *li’na* noong kalagitnaan ng dantaon 18. Gayumpaman, hindi ito naiugnay sa butò kundi sa isang “kulto” (Potet, 2017, p. 410). Para kay Potet (2017, p. 410), hindi nakitaan ng katumbas para sa *falo* o *phalo* ang mga akda ni San Buenaventura (1613) at nina Noceda at Sanlucar (1860). Ngunit, bilang pagdaragdag sa kaniyang pagsusuri, ang *otog*, *bihag*, at *catog* ay nangangahulugang *membrum virile* o butò (San Buenaventura, 1613, p. 48).

Vocabularios at mga Kabahagi ng butò

Sinadyang paghiwalayin sa bahaging ito ang “kabahagi” at/o iba pang bahagi na kaugnay ng butò. Mula sa sampung *vocabularios* na inilatag sa pag-aaral na ito, ang lahat ay nakapaglatag ng iba pang katawagan para sa “kabahagi” ng butò ng mga katutubo. Una na rito ang may kinalaman sa bayag at mga balat (prepusiyo) na pumapalibot sa butò:

- *binatingan* (Tag.)—capado, may bayag
- *bayag* (Tag.)—companiones, bayag ng lalaki
- *bayag* (Tag.)—compañones, cojon
- *bayag* (Tag.)—lalagyan ng mga bayag/babayaguin
- *bayag/itlog* (Tag.)—testikulo
- *bayaguin* (Tag.)—malaki ang bayag
- *busisi* (Tag.)—prepusiyo
- *bolsa* (Tag.)—balat ng bayag
- *lagay* (Bis.)—bayag ng mga hayop
- *ytlog* (Bis.)—bayag
- *lateg* (Ilk.)—compañones o bayag ng lalaki at hayop
- *nğodó* (Ilk.)—prepusiyo ng butò
- *lapit* (Bik.)—bayag
- *lalapiton* (Bik.)—malaki ang bayag

Karaniwang naitatala ang *bayag* bilang “testikulo” o “itlog” na kasama sa butò. Para kina San Buenaventura (1613, p. 175) at Ruiz (1630, pp. 644, 646), ang *bayag* ay kasa-kasama ng mga lalaki o *campanones* o *compañones* (Ingles=*companion*). Katulad ito ng *lateg* ng Ilokano na naitala ni Carro (1849, p. 146) bagaman ang *lateg* ay isang bayag na maaaring para sa lalaki o sa mga hayop. Kaya’t ang pagiging may *cojon* o *cojones* (may *bayag*) ay kilala rin bilang *binatingan* sa Tagalog (San Buenaventura, 1613, p. 145). Naitutumbas din sa “testikulo” kapwa ang kahulugan ng *bayag*=*itlog* ng Tagalog (Serrano Laktaw, 1889, p. 575) at *ytlog* ng Bisaya (Sanchez, 1711, p. 1239). Sa Bisaya, *lagay* rin ang tawag sa *bayag*, ngunit mas angkop ito sa *bayag* ng hayop (Sanchez, 1711, p. 288). Samantala, makikita sa ilang pangkat katulad ng mga Manobo Kinamigin na ang *lagay* ay isang *buto* (Elkins at Regier, 1973, p. 5). Sa tala ni Lisboa (1865), ang *bayag* ay katumbas ng *lapit* (Lisboa, 1865, p. 218) habang sa kasalukuyan, sa ilang rehiyon ng Bikol tulad ng Catanduanes, ang *lapit* ay isang butò (Wolfenden, 1978, p. 5). Kung malaki ang *bayag*, tatawagin itong *lalapiton* (Lisboa, 1865, p. 218), katulad ng katawagang Tagalog sa *bayaguin* (Noceda at Sanlucar, 1860, p. 44). Kaiba ang pagpapakahulugan ni Ruiz (1630, p. 61) sa *bayag* dahil aniya, ito ay lalagyan ng mismong mga bayag. Liban sa bayag, nakapagtala rin ng ilang salita ukol sa prepusiyo o balat ng butò at *bayag*.

Ang tawag dito sa kasalukuyan ay *lambi*. Kaiba sa *bolsa* na “*balat ng bayag ng tawo [tao]*” (Serrano Laktaw, 1889, p. 95), ang *ngodó* ng Ilokano ay isang prepusiyo (Carro, 1849, p. 175). Para sa Tagalog, ang prepusiyo ay *busisi* at, kung gayon, ang *nagbubusisi* at/o *binubusisi* ay isang paraang ginagawa sa prepusiyo na isang *es desonesto* o “hindi tapat na gawain” (San Buenaventura, 1613, p. 495). Sa kasalukuyan, ang *pagbubusisi* ay katumbas ng *pag-uusisa* o *pangingialam* na karaniwang may negatibong kahulugan at konotasyon.

Batay rin sa pagsusuri ng *vocabularios*, nakapagtala ang lahat ng isang bagay na may kinalaman at/o kaugnayan sa likidong inilalabas ng butò. Sa kasalukuyang panahon, kilala ito bilang *tamod*:

- *tobor* (Tag.)—esperma, semilya
- *tòbod* (Tag.)—semilya o buto [simiente]
- *puti-puti* (Tag.)—esperma
- *lamor* (Tag.)—semilya
- *cupal* (Kap.)—semilyang sinalsalsal
- *banis* (Kap.)—semilya

- *binihi* (Tag.)—semilya
- *binhi* (Bis.)—semilya na itinatanim
- *câpuer* (Ilk.)—dumi ng butò
- *perpér* (Ilk.)—dumi ng butò
- *cassit/quissit* (Ilk.)—semilya
- *curap* (Bik.)—semilya
- *tagoc* (Bik.)—semilya
- *cayo, laes, lauan* (Bik.)—semilyang mula sa lalaki tungo sa babae
- *bolos* (Bik.)—semilyang natapon
- *binhi* (Bik.)—semilya o simiente

Bago makilala ito sa kasalukuyang panahon bilang *tamod*, ayon kina San Antonio (1624) at Ruiz (1630), ang tawag dito ay *tobor* o *tòbod* at *tibor*. Itinumbas sa *esperma* ng mga Español, ang *tobor* ay tinawag ding *putiputi* (San Antonio, 1624, pp. 266, 272, 754) dahil sa kulay puting likidong inilalabas ng butò. Sa kabila nito, may paglilinaw si Ruiz (1630, pp. 558, 773) na ang *tòbod* ay isang semilyang inilalabas ng tao at hayop kaya ang terminong ito ay isang “hindi tapat na salita” (*es termino deshonesto*). *Puti-puti* rin ang itinumbas ng ilang *vocabularios* sa *esperma* at *semen naturae* (de los Santos, 1703, p. 433; Noceda at Sanlucar, 1860, pp. 264, 609). Karagdagan din ang *lamor* para rito (Noceda at Sanlucar, 1860, p. 207).

Ang *vocabulario* ni Bergaño (1732) ay may pinakamaraming naitala tungkol sa mga kabahagi ng butò partikular na sa *semen naturae*. Ang *cupal* at *banis* ay mga tawag sa semilyang lumabas mula sa pagsasalsal ng butò, kaya ang lahat ng ito ay “maruming salita” at “nakaiinsultong sabihin” (Bergaño, 1732, pp. 68, 129, 508). Ang *mibanisan* ay tumutukoy sa mantiya at/o duming nilikha ng semilyang sinalsalsal, at ang *bait* na isa ring semilya—i.e. ang *quebaitan* na nagbagong bihis mula sa orihinal nitong kahulugan bilang *nocturnal emission* (*wet dream*) na ngayoy kilala na bilang kaarawan (*birthday*) (Sunnexdesk, 2014). Sa ngayon, ang *cupal* o *kupal* ay direktang salin para sa *smegma* o *prepucial sac of men* (Pilot at Kanter, 1923, p. 204) o kulay kesong likidong inilalabas ng butò at mananatili roon kung hindi ito regular na nililinis. Ang katagang *Cupal mo* (*Semilya mo*), samakatuwid, ay may konotasyon ng pang-iinsulto sa taong sinasabihan nito. Bagaman walang direktang pagtatala si San Buenaventura (1613, p. 460) sa *cupal*, inihanay naman ang ekspresiyong “*Copal mo*” bilang masasamang salita (*palabras*) kasama ng *Buva nang Ina, Pocqi nang Ina, Talpac nang Ina, Tilin nang Ina, Tumbong mo, Orin ni bapa mo, at Talapac ni bapa*

mo. Mapapansin din ang kawalan at/o kakulangan ng panunumbas ni Lisboa (1865) para sa *cupal* o *copal* gayong sa kasalukuyan, malalim ang pananaw (psyche) rito ng mga Bikolano. Ang "*Copal mo*" ay katumbas ng Bikolanong "*Paroton ka*" o "*Paroton kamo*" (maraming *copal* o *smegma*) na maituturing na pinakasukdulang insultong maririnig ng isang tao (Kiko's Sketches & Kicks, 2009). Ang pagiging *paroton* sa kulturang Bikolano ay nagpapakita ng hindi pagiging malinis ng katawan at hindi pagiging buo ng pagkalalaki (*incomplete man*) dahil ang isang lalaki ay hindi pa natutuli. Ang pagkakaroon din ng *parot* ay madalas na lumalabas lamang sa butò na hindi pa natutuli (Kiko's Sketches & Kicks, 2009). Gayumpaman, maraming naitumbas para sa *semen naturae* si Lisboa (1865). Kabilang dito ang *curap* na inilarawan bilang isang "dumi" na inilalabas ng tao (*polucion o el semen humano*) (Lisboa, 1865, pp. 77, 90, 105, 107). Katumbas din para sa semilya ang *tagoc*, ngunit mas ginagamit ito sa anomang likido at/o dagta na inilalabas ng mga puno (Lisboa, 1865, pp. 90, 371). Dahil ang semilya at dagta ay halos magkatulad sa estruktura—puti at malagkit—posibleng *tagoc* din ang naging metapora para sa semilya ng lalaki (Lisboa, 1865, pp. 90, 371). *Bolos* o *napa* naman ang tawag sa semilyang itinapon (o inilabas/isinalsa) na nagdulot ng karumihan (*polucion*) (Lisboa, 1865, p. 30). Nabanggit din ang *cayo*, *laes*, at *lauan* bilang paghahalo ng dalawang kahulugan bagaman posibleng magkaugnay at/o nagkakaugnay. Ang mga terminong ito ay tumutukoy sa "naaksayang semilya" (*desperdiciando el semen*) at pagsasama (*cohabitar*) ng lalaki at babae (Lisboa, 1865, pp. 21, 206, 220). Kung papansinin, hindi tuwirang sinabi ang ideya ng pagtatalik at sa halip, ito ay itinago pa sa metapora ng *cohabitar*. Sa katunayan, ang kahulugan ng *lauan* sa *vocabularios* na ito ay isinulat pa sa wikang Latin—*nunquam profertur se loquendo* o "hindi kailanman inilalabas sa pamamagitan ng salita" (Lisboa, 1865, p. 220). May posibilidad na ang *cayo* ay indirektang may kaugnayan sa pagsasama (*cohabitar*)= pagtatalik dahil hanggang sa ngayon, ang *cayo* ay ginagamit pa rin bilang kahulugan ng pagtatalik—i.e. "cado" (*cayo*) ay "pagtatalik" sa wikang Bikolano (S. Berango, personal communication, 2024; L. Berango-Agapito, personal communication, 2024).

Sa Ilokano, nakapagtala si Carro (1849) ng mga salitang maitutumbas para sa semilya. Kabilang na rito ang *càpuer* at *perpér* o duming inilalabas ng butò na isa ring insultong pahayag (Carro, 1849, pp. 79, 203). Ang *càpuer* at *perpér* ay katumbas ng *banget* at *quis-sit* o *cassit*, ngunit mas ginagamit ito bilang semilya ng hayop (Carro, 1849, pp. 79, 220). Ngunit

sa kasalukuyan, mas laganap na ang *kesset* o *kisset* (na mula sa *quis-sit* o *cassit*) bilang semilya ng tao (R. Pawilen, personal communication, 2024). Kapansin-pansin din ang paralelismo sa pagitan ng semilya at *simiente* bilang *semen naturae* at buto (punla=seed). Halimbawa, para kay de los Santos (1703, pp. 541, 754), ang *binhi* ay buto ng palay (*arroz*) at ang *simiente* bilang binhi ay *alinmang pinanggagalingan nang "iba."* Ito rin ang parehong kahulugan ng *bini* (Bergaño, 1732, p. 508); *binhi* (Sanchez, 1711, p. 77); at *binhi* (Lisboa, 1865, p. 51). May posibilidad na ang ilang *vocabulario* ay higit na tumitingin sa metaporikal na pagpapakahulugan. Halimbawa, posibleng orihinal o 'di kaya'y metaporikal ang kahulugan ng *bolbòl* para kay San Antonio (1624) na ayon sa kaniya ay isang buhok at/o balahibo ng ibon (San Antonio, 1624, p. 46). Sa ngayon, hindi na ginagamit ang *bolbòl* para sa balahibo ng ibon kundi mas nakaugnay na ito sa buhok na nakapalibot sa butò at puki—i.e. ang *bolbòl* bilang *pubic hair*.

Vocabularios at mga Aktibidad ng butò

Nakapagtipon din ang mga *vocabularios* ng ilang kaugnay na aktibidad at/o pagkilos na ginagawa ng butò. Kabilang na rito ang *+tulî* na naitala ni San Antonio (1624, p. 274) at nina Noceda at Sanlucar (1860) na inilarawan bilang pagtanggap ng balat sa butò—dahilan upang lumabas ang ulo nito. Hindi lamang sa mga *vocabularios* makikita ang kostumbre ng mga sinaunang Pilipino hinggil sa pagtutuli kundi maging sa mga kronikang Español. Kadalasang laganap ang pagtutuli sa mga tinatawag na *bagongtao* o mga nagbibinata. Ito ang napansin ni Miguel Lopez de Loarca (1582, pp. 118-119) sa mga Pintados ng Kabisayaan—na ang pagtutuli ay sagisag ng pagiging malinis at may pagpapahalaga sa mabuting kalusugan. Sa Boxer Codex (1590), ipinalagay ng mga Español na ang pagtutuli sa mga binata ay minana pa ng mga katutubong Pilipino mula sa mga Muslim na nangandayuhan sa Pilipinas—i.e. "Moro" mula sa Borney (Borneo) na katulad ng mga Berber (na marahil sa Morocco o hilagang Africa) (Boxer Codex, 1590, p. 419). Marami pang mga tala ang nagbigay ng paglalarawan sa pagtutuli ng mga sinaunang Pilipino (Legazpi, 1569, p. 60; Morga, 1609, pp. 134-135; Colin, 1663, p. 88; San Antonio, 1738). Katangi-tangi si Juan Francisco de San Antonio (1738) sapagkat mayroon siyang tala kung saan kaniyang inilarawan ang pagtutuli sa kababaihan (San Antonio, 1738, p. 365).

Nakapagtala sina Bergaño (1732) at Lisboa (1865) ng ilang kondisyon ng butò:

- *tauing* (Kap.)—paglawit ng butò
- *tacdac*, *tindac*, *tundac* (Kap.)—pagpapatigas ng butò
- *latog* (Bik.)—pagpapatigas ng butò
- *uiguig* (Bik.)—pagpapagpag ng butò

Halimbawa, ang *tauing* o *tauil* para kay Bergaño (1732, p. 390) ay paglalawit at/o pagpapalawit ng butò. Mga salitang Kapampangan din ang *tacdac*, *tindac*, at *tundac* na ang ibig sabihin ay pagpapatigas ng butò (Bergaño, 1732, p. 44). Mula ito sa salitang *atdac* na ang kahulugan ay “para itulak, tusukin, at saksakin”—i.e. *itatdac*, *itdac*, at *tindac* (Bergaño, 1732, p. 44). Kaugnay nito ang *quinnyud* na isang ritmo at/o paulit-ulit na pagtulak (paglabas-pasok) tuwing nagtatalik (Sunnexdesk, 2014). Para naman kay Lisboa (1865), ang Bikolanong *latog* ay tawag sa pagpapatayo at/o pagpapatigas ng butò (Lisboa, 1865, pp. 5, 38). Ang *uiguig* naman ay pag-aalog (*menear*) ng butò na kadalasang ginagawa pagkatapos umihi upang maalog din ang ihi sa butò (Lisboa, 1865, pp. 64, 88, 415). Samakatuwid, ang kahulugan ng *uiguig* sa kasalukuyang panahon ay *pagpapagpag*—i.e. pinapagpag ang butò pagkatapos umihi at/o bago ipasok at isara ang *zipper* ng pantalon.

Sa ilang *vocabularios*, lumitaw rin ang mga terminong may direktang kinalaman sa pagtatalik:

- *iyót* (Tag.)—paghihindot
- *ayut* (Kap.)—pagtatalik
- *bilditan* (Kap.)—pagpupuwit
- *burat* (Kap.)—pagtagpos ng butò
- *salsál* (Tag.)—pagpupudpod, nakakaaliw, paghihigpit, pagpapatag
- *sipsíp* (Tag.)—pagsuso ng katas
- *chupar* (*nǝlnǝl*) (Tag.)—hithit, pagsipsip ng laman at sangkap

Ayon kay San Antonio (1624, p. 133), ang *iyót* ay “bastos na kilos” (*el acto impúdico*) na isang katangian ng pagiging “agolo.” Ang *agolo* ay nangangahulugang *fornicate* o pakikiapid at/o pakikipagtalik sa mga hindi ikinasal (*paagolohin*). Para naman kay Ruiz (1630, p. 195) ang *iyót* ay isang salitang malikot (*palabra muy torpe*) katulad ng *hindot* na tungkol sa “paglilikot” ng lalaki sa babae. Ang *iyót* ay katulad ng *ayut* na may konotasyon ng “pagsasama” (*copulación*)—isang metaporikal na kahulugan para sa pagtatalik (Bergaño, 1732, pp.

13, 453, 456). Sa ngayon, ang *iyót* o *ayut* ay isa ring salitang nauunawaan kadalasan ng mga Pilipino—*kantot* para sa Tagalog at *iyot* na kalimitang maririnig sa Ilokano. Naging kasangkapan din ang butò bilang mga *devirginizer* o tagatanggal ng pagkabirhen at/o pagkabusilak ng kababaihan. Sa mga tala, sinasabing binabayaran ng mga magulang ang ilang lalaki upang *iyotin* ang kababaihang nasa anim na taong gulang pataas nang sa gayo’y hindi maging sagabal ang pagkabirhen sa kanilang pag-aasawa at/o pag-aanak sa hinaharap (see Pigafetta, 1524, pp. 172-173; Loarca, 1582, pp. 118-119; Boxer Codex, 1590, p. 411; Morga, 1609, p. 131; Colin, 1663, p. 88; San Antonio, 1738, p. 364 as cited by Jose at Navarro, 2004, pp. 50-51, 60, n. 29, 31).

Isa ring uri ng pagtatalik ang *bilditan*. Mula ito sa salitang *buldit* na isang bahagi ng katawan para sa puwitan, pigi, at sa butas ng puwit (Bergaño, 1732, pp. 94). Samakatuwid, ang *bilditan* ay inilarawan bilang pagpupuwit o *sodomia* o pagpasok ng butò sa loob ng puwit (Bergaño, 1732, p. 94). Sa ngayon, ito ay kilala bilang *anal sex*. Sa kaso ng mga kronika, may ilang pagtatala ukol sa *sodomia* (Desquibel, 1599, pp. 56-57; Buenavides, 1605, pp. 271-273, 277-278, 280; Morga, 1609, p. 130 as cited by Jose at Navarro, 2004, p. 60, n. 33). Halimbawa, sa tala ni San Antonio (1738, p. 365), ipinapalagay ang pagpupuwit ng mga katutubong Pilipino bilang isang “epidemiya” na nakuha at/o namana mula sa mga nangandayuhang Hapones at Tsino. Makikita halimbawa ang ilang kaso ng *sodomia* noong dantaon 17 sa Maynila (cf. kaso ni Lousu, see Reyes, 2012, pp. 127-128; Reyes, 2021, pp. 151-152) na itinuring bilang krimen at kasalanan, at kamatayan ang magiging kaparusahan para rito. Dalawang arsobispo ng Maynila—sina Ignacio de Santibañez (1595-1598) at Miguel de Buenavides (1603-1605) (Fig. 2)—ang nagsagawa ng imbestigasyon at ilang pagpapadala ng balita sa Hari ng España ukol sa malawakang kostumbre ng *sodomia* sa mga katutubong Pilipino (Brewer, 2021, p. 138). Itinuring ni Domingo de Salazar ang *sodomia* bilang “*corrupt pleasures*” ng mga Tsino habang si Buenavides ay itinuring itong karnal na kasalanan (Marquez, 2021, pp. 176). Para sa mga Español, ang *sodomia* ay itinuturing na *abominable delito* (kasuklam-suklam na krimen); *pecado conta natura* (kasalanan laban sa kalikasan); at *pecado nefando* (kasalananang hindi nakapagsasalita) (Marquez, 2021, p. 174). Ngunit para kina Jose at Navarro (2004, p. 53), ang pagpupuwit ay hindi lamang maituturo sa “paghihinalang” mula ito sa mga Hapones o Tsino, ngunit ito ay posibleng kalikasan at “katutubong ugat” na nagmula pa sa mundong Austronesyano sa Pilipinas.



Fig. 2. Ignacia de Santibañez at Miguel de Buenavides. Si Santibañez ay Arsobispo ng Maynila noong 1595 hanggang 1598 at nagpadala ng ulat sa Hari ng España ukol sa kalaganapan ng sodomiya sa mga katutubo. Ang kahalili niyang si Buenavides ay naging Arsobispo noong 1603 hanggang 1605 at nagsagawa ng ilang imbestigasyon ukol sa sodomiya ng mga katutubong Pilipino (Brewer, 2021).

Lumitaw rin sa *vocabulario* ni Bergaño (1732) ang *burat*, *mirat*, o *birat* bilang pagtaas ng prepusiyo o balat ng butò (Bergaño, 1732, p. 99). Para kay Bergaño (1732, pp. 94, 99), isa itong “mahalay na salita” sapagkat ang *burat* ay mula sa *magburat* o *magbulasisi* (mula sa *bilasisi* = *butò*) na ang ibig sabihin ay “magsalsal ng sarili.” Pinatotohanan din ng antropologong si Nestor Castro na ang *burat* ay isang salita ng Lumang Tagalog na may kahulugang “paghila ng prepusiyo para lumabas ang tarugo [ulo ng titi]” (N. Castro, personal communication, 2024). Ibinigay pa niyang halimbawa ang bugtong ukol sa saging—“*binurat nang binurat at saka kinagat*” (N. Castro, personal communication, 2024). Ngunit sa kasalukuyan, ang *burat* ay isang tawag para sa butò habang ang *pagbuburat* ay tila malapit sa pagtatagpos ng butò o ‘di kaya’y paraan ng pagsasalsal o *masturbation*. Lumitaw rin sa ilang *vocabularios* ang *salsál* hindi bilang “*salsal* [pagsasalsal] o *masturbate*” kundi higit itong may kinalaman sa prosesong ginagawa sa mga sandata o armas at/o instrumento. Ayon kay San Antonio (1624, pp. 226-227), ang *salsál* ay pagpupuro (blunting) at pagpapako (riveting) ng isang bagay. Pagpapako, paghahabi, at paghihigpit naman ang naging kahulugan ng *salsál* sa ibang *vocabularios* (Ruiz, 1630, pp. 410, 615; Noceda at Sanlucar, 1860, p. 281) kaya’t anomang instrumentong ginagamit

sa *pagsasalsal* ay tinatawag na *panalsal* (Noceda at Sanlucar, 1860, p. 281). Gayundin, kay Lisboa (1865, pp. 8, 332), ang *salsál* ay pagpapanipis at/o pagyupi at pagpapatag ng mga metal. Pagbabaluktot naman ang kahulugan ng *salsál* para kay Serrano Laktaw (1889, pp. 226, 508)—i.e. “salsalin ang talim nang armas” at “baluktutin ang dulo nang páko sa kinapapakuan, silsilin” at/o “pagbabaluktot nang pako, at nang lalong magtibay sa kinapapakuan.” Kung gayon, may posibilidad na ang orihinal na kahulugan ng *salsál* sa mga lumang *vocabularios* ay nakatuon talaga sa prosesong ginagawa sa isang bagay na katulad ng metal o kahoy sa anyo ng pagpupudpod, paghihigpit, at pagpapatag. Ipinapalagay ko na nagbagong-kahulugan lamang ang *salsál* mula sa orihinal nitong kahulugan patungo sa *salsál* na isang salita para sa *masturbation* o *pagsasalsal* (na mas kilala ngayon bilang *jako*), yamang ang prosesong ginagawa tuwing nagsasalsal ng butò ay nagpupudpod (taas-baba ritmong pagsasalsal ng butò); paghihigpit (pagdiin sa hawak habang nagsasalsal ng butò); at pagpapatag (pagkalamay ng butò). Ang pagsasalsal ng butò ay isang paglalaro. Para kay Bergaño (1732, pp. 21-22), ang *along* o *pialongan*, at *pialongān* ay paglalaro ng anomang bagay, kabilang na ang mga “pribadong” bahagi ng katawan ng tao. Kaya naman, ang *alungalunān* ay nangangahulugang

pagpapaligaya at paglalaro ng sarili (Bergaño, 1732, p. 22).

Hindi na bago ang tila transisyonal na kahulugan ng ilang salita sa mga *vocabularios* tungo sa kasalukuyang kahulugan nito, katulad ng *burat* bilang pagtagpos tungo sa *burat* bilang butò at *salsal* bilang pagpupudpod, paghihigpit, at pagpapatag tungo sa *salsal* bilang *masturbate*. Ganito rin ang kinasapitan ng *chupa* o *tsupâ*. Orihinal itong may kahulugan na at/o katumbas ng *sipsip* o *ñgolñgol* at *pang-òs*, na ayon kay San Antonio (1624, p. 240) ay isang pagkilos ng pagsuso sa loob katulad ng katas ng tubo (*caña*) at itlog (*huevo*). Gayundin, ayon sa *vocabulario* ni de los Santos (1703, pp. 206, 264, 280, 351), ang *chupar* ay pagsipsip at paghithit ng laman at kung minsan, ang tawag ng mga katutubo sa *chupa* ay *socob*, *labog*, at *osop*. Orihinal din naman na isang salitang Español ang *chupar* na nangangahulugang “pagsipsip” o to *suck* at *chupa* na isang panukat. Sa isang banda, ang *chupa* ay karaniwang ginagamit bilang pinakamababang yunit ng panukat (*gátañg* o *salop*) sa maramihang bilang na kadalasan ay aapatin at/o wawalohing sukat ng bigas, mais, at munggo (Quiason, 1985, p. 29; Fernandez, 1987, p. 286; Kirshenblatt-Gimblett at Fernandez, 2003, p. 68; Manapat, 2011, pp. 310-311; Domingo, 2021, p. 181, n. 12). Sa kabilang banda, ang *chupar* ay isang ganap na tawag para sa proseso ng pagsipsip. Tingnan bilang halimbawa ang folkoristikong nilalang ng mga Mexicano na *Chupacabra* (naninipsip na kambing) (see Lopatin, 1960, p. 60). Sa pagdaan ng panahon, ang *chupa* ay naging *tsupâ* o *fellatio* sa bokabularyong Pilipino. Gayumpaman, sa kasalukuyang wikang Español partikular na sa Andalucía, ang *chupar* ay may seksuwal na konotasyon para sa *fellatio* o pag-*tsupâ* sa butò (Oropesa, 2009, p. 176). Sa Cebuano, ang *supsup* at *tsupa* ay tawag mismo para sa *fellatio* (Hart at Hart, 1990, p. 41). Gayundin, sa Kapampangan, ang *tiup* ay nangangahulugang “hipan” o to *blow* at pinaniniwalaan bilang batayan ng kasalukuyang katawagan ng Tagalog at Kapampangan para sa *tsupâ* (*fellatio*) o *blowjob* (Sunnexdesk, 2014). Samakatuwid, nagbago na ang orihinal na kahulugan ng *chupa* bilang panukat at/o *chupar* bilang pagsipsip o pag-hip tungo sa kahulugan nito sa kasalukuyan para sa *tsupâ* (*fellatio*) o pagsipsip ng butò. Ang pagsasambit ng *chupa* sa kasalukuyan ay magdadala ng negatibong konotasyon sa sinomang Pilipinong makaririnig nito.

Kolonyalismong Simbolo sa Butò

Tunay na nakapagtipon ang mga *vocabularios* ng ilang tala ukol sa butò, mga bahagi at/o kaugnay nitong bahagi, at mga aktibidad bagaman kapansin-pansin pa rin ang tila pagiging limitado nito. Ang mga termino para sa butò ay nasalamin sa ilang *vocabularios* (San Buenaventura, 1613; Ruiz, 1630; Sanchez, 1711; Bergaño, 1732; Carro, 1849; Noceda at Sanlucar, 1860; Lisboa, 1865); hindi lantad na tinumbasan (San Antonio 1624); at hindi makikita sa ibang *vocabularios* (de los Santos 1703; Serrano Laktaw 1889). Ang lahat ay mayroong naitumbas sa *bayag* (*testiculo*), *semilya* (*tamod*), at *bulbol*. Ngunit, pagdating sa mga aktibidad na nakauugnay sa butò, kapansin-pansin din ang tila halos kawalan o kaibahan ng kahulugan nito kung ikokompara sa kasalukuyang panahon. Tanging si Bergaño (1732) lamang ang may maraming panunumbas at direktang pagpapakahulugan sa pakikipagtalik, pagsasalsal, pagpupuwit, at iba pa. Samakatuwid, ang karamihan sa *vocabularios* ay nakalampas lamang hanggang sa mga katawagan at kaugnay na bahagi ng butò at hindi sa komprehensibong gawain at/o ginagawa ng butò bilang bahagi ng katawang gumagalaw. Ito ay pinatotohanan ni Reyes (2017) sa kaniyang kolumn sa *The Manila Times* na pinamagatang “How the Tagalog word *libog* came to sound so rude.” Aniya, tinanggal (at marahil para sa akin ay nilimitahan) ng mga Español sa ilang *vocabularios* ang mga salitang para sa kanila ay kawangis ng mga “kahalayan” at “kabastosan” (Reyes, 2017). Bukod-tanging halimbawa ang *vocabulario* ni Serrano Laktaw (1889) na ani Reyes (2017) ay nilimitahan ang mga salitang may kaugnayan sa pakikipagtalik. May pagbanggit daw sa “ari” ng kalalakihan, ngunit walang matatagpuan na may kinalaman sa kababaihan katulad ng *pocqui*, *poclo*, *tilin*, *tinggil*, at *hindot*. Ngunit pagdating sa ikalawang tomo ng kaniyang *vocabulario*, lilitaw naman ang kahulugan ng *libog* bilang paraan ng karnalidad at *pornografico* (Reyes, 2017).

Sa ganitong posisyon, hayagan akong makapagbibigay ng ilang kongkretong dahilan kung bakit halos nawala ang mayamang kahulugan ng sinaunang Pilipino sa sariling katawan, at siyempre ang butò ay isa rin talagang bahagi ng katawan. Sa pananaw ng mga Español, mahalaga ang kaligtasan ng *kaluluwa* kompara sa *katawan*—isang salungat sa pananaw ng mga katutubo hinggil sa pag-iisa nito—ang *diwang sumasakatawan* (Jose at Navarro, 2004, p. 39). Kailangang maiwasan ng mga katutubo ang karumihan, kahalayan, at *calibogan* ng isip at katawan, kaya ipinakilala ng mga Español ang *catons* o listahan ng mga asal

na kalauna'y magiging bahagi ng mas masaklaw na *manual de urbanidad* na lumaganap noong maagang bahagi ng dantaon 16 (Bautista at Planta, 2009, p. 151). Kalakip ng bawat *manual* ang tamang pag-aalaga sa katawan. Upang hindi maging lantad ang ipinagpapalagay na kahalayan at kabastosan ng anomang may kinalaman sa gawaing seksuwal, ito ay idinaan lamang sa repormulasyon ng mga salita. Ayon kina Javier at Landicho (2024), isang mekanismo ng mga Español ang pananangkapan sa euphemismo upang pagtakpan ang "lantad" na kahulugan ng mga bagay na may kinalaman sa seks, seksuwalidad, at kasarian (Javier at Landicho, 2024, p. 100). Ang ganitong pagtatakip sa "kahubaran ng laman" ay napagtagumpayang ikubli sa anyo ng mga translasyong biblikal—kapwa sa *Lumang Tipan* at *Bagong Tipan*—at mga usaping may kinalaman sa prostitusyon, homoseksuwal na gawain, at iba pang gawaing seksuwal (Javier at Landicho, 2024, pp. 103-110). Isang kabalintunaang itinago ng mga Español ang mga kostumbreng seksuwal, gayong sa panig nila mismo ay isang reyalidad ang "pambababae" ng kaparian noong dantaon 19 (Ocampo, 2010, pp. 86-92). Ang pagkukubli sa mga gawaing seksuwal ay pinatotohanan halimbawa nina Gealogo (1994) at Reyes (2012) nang kanilang sipiin ang *Arte de la Lengua Tagala* ni Sebastian de Totanes (1745), isang *confessionario* na komprehensibong nagtatanong at/o nag-uusisa sa gawaing seksuwal ng mga katutubong Pilipino. Higit na malalim ang naging pag-aaral ni Gealogo (1994) sa kaniyang artikulong "Kasalanan sa Ikaanim na Utos." Gamit ang ilang *confessionario* (Totanes, 1745; San Agustin, 1787; San Jose, 1792; Blanco, 1865; Buzeta, 1850; Zubero, 1895 as cited by Gealogo, 1994, pp. 80-81), inihayag ang pormularyo ng pagtatanong na masasalamain sa mga kumpisalan na may direktang pagtatanong ukol sa seks (Gealogo 1994, 68). Itinago ang lahat ng ito sa euphemismo—i.e. pag-uusap sa seks (nagbubucang bibig); yakap at halik (nagayacapan, naghahalikan); paggamit ng kamay sa kapwa at sarili (nagdorocatan, nagbibiroan ng mga kamay, naghihipoan, pinaquiquimis, pinadarama); paggamit ng imahinasyon (inaalala); pakikipagtalik (congmaen o ninum nang anomang icasosolong nang calibogan); at paglalaro ng ari (ginagaua sa sarili mong *catauan* na mahalay na laro, tinitilti, binubutingting) (Gealogo, 1994, p. 76). Kaya naman, ang butò sa pagdaan ng panahon ay mahirap banggitin nang direkta at lantad.

Kongklusyon

Napatunayan sa pag-aaral na ang kahulugang ipinataw sa butò ay nakabatay sa mga panahong kinabibilangan nito. Ang pag-unlad ng tao, sa anyo

man ng hominisasyon o humanisasyon, likas ang pagkakaroon ng butò—isang bahagi ng katawang tumubo sa bandang ibaba ng kalalakihan, anoman ang naging estruktura nito. Lantad at malayang nabibigyan ng makabuluhang paglalarawan ang butò na siyang nasasalamain sa kalaganapan nito sa wikang Austronesyano. Ang butò bilang simbolo ng pag-uugnayang *loob* at *labas* ay hindi lamang naipamalas sa panahong Austronesyaniko kundi maging sa pagbubuo ng mga pamayanan ng mga sinaunang Pilipino. Gayundin, kung titingnan ang 'di-direktang impluwensiya ng Hinduismo-Buddhismo sa Pilipinas, pantay ang pagtingin sa Shivatikong simbolismo ng *linga* at *yonis* (see Tugano, 2023). May lilitaw na aspektong maiuugnay sa butò—ang *ginhawa*. Para kay Salazar (1976, p. 83), ang *ginhawa* ay itinuturing na bahagi at/o kabahagi ng taong may kinalaman sa kalusugan, mabuting pakiramdam, at mabuting pamumuhay. Masasabi pang ito ay "gaan sa buhay," "aliwan sa buhay," at "mabuting pamumuhay" (Salazar, 1983, p. 100). Sa sinaunang panahon, napatunayang nagamit ang butò bilang bahagi ng *ginhawa*—i.e. ang *batak-dungan* sa butò, anomang uri ng pakikipagtalik, at siyempre ang pagsisimula ng buhay katuwang ng puki. Kaya naman, malinaw na ang butò ay isa ring bahagi ng "diwang sumasakatawan" (Jose at Navarro, 2004). Sa katutubo nitong kahulugan, ang butò, katulad ng puki, suso, puwit, at iba pa, ay isa lamang tipikal na bahagi ng katawan na may kapakinabangan sa pagkataong Pilipino. Ang butò at puki ay nilalabasan ng ihi at ginagamit sa pakikipagtalik. Nakagiginhawa ang mairaos na mailabas ang ihi at siyempre sa tuwing nakikipagtalik. Ang "pagpaparaos" na anyo ng paglabas ng tamod at orgasmo ay isang senyales ng ginhawa. Gayundin, sa tuwing lumalabas ang tae, hindi ba't nasasabi nating "nakaraos" at "nakaginhawa na"? (success?). Ang suso ng kababaihan ay ginagamit upang kuhanan ng gatas sa tuwing nangangailangan ng pagkain ang anak. Ito talaga ang bagay na hindi kailanman naunawaan ng mga kolonisador sa kabihasnang Pilipino. Hindi rin nakapagtataka kung bakit sinabi ng mga Amerikano na "malaswa" ang kalalakiang nagsusuot ng bahag at sa tuwing nakalabas ang dibdib ng kababaihan (Jose, 2021, p. 66). Sa katunayan, ang bahag ay simbolikong kahulugan ng butò at testikulo (Ruano-Ramirez, 2013, pp. 82, 84).

Hindi lamang maiuugat sa pagitan ng huling bahagi ng dantaon 19 at buong dantaon 20 ang ganitong obserbasyon ng mga kolonisador hinggil sa butò. Ang malawak na pagtingin sa butò ng mga sinaunang Pilipino bilang "diwang sumasakatawan" at *ginhawa* ay kagyat naipasok ng mga Español sa pamantayang moral at etikal. Sinalamin sa pag-aaral

na ito ang paglitaw ng mga *vocabularios*, *catons*, at *manual de urbanidad* noong dantaon 17 hanggang dantaon 19. Marahil, maipagpapasalamat na dahil sa positibistang pagtatalang ito, napakinabangan ng kasalukuyang panahon ang samu't saring kaalaman kaugnay ng butò, ngunit naghatid ito ng malawakang transisyonal na pagbabago sa mga kahulugan nito. Ang anomang bagay na may kinalaman sa butò, pakikipagtalik, pagpupuwit na tinawag bilang "sodomiya," pagtutuli, at iba pa—na isang kaginhawahan para sa mga katutubo—ay kanilang isinilid sa isang sisidlan ng "kalibogan," "karnalidad," at/o "imoralidad." Karamihan sa mayamang kahulugan ng butò sa sinaunang pamayanan ay nailarawan ng bawat *vocabularios* bilang "hindi tapat na salita" (*es termino deshonesto*); "hindi dapat inilalabas sa pamamagitan ng salita" (*nunquam profertur se loquendo*); "bastos na kilos" (*el acto impúdico*); "salitang malikot" (*palabra muy torpe*); at marami pang iba. Liban pa rito, dulot ng pagtingin ng kolonyalismong kaisipan sa kasarian, binarikong hinati ang noo'y nag-iisa at/o nagtatambalang ugnayan ng butò-at-puki. Sa ilalim ng pananaw na ito, ang kahulugan ng butò ay para lamang sa lalaki na isang patriyarka, at ang puki ay para naman sa babae na kailangang sumailalim sa kapangyarihan ng kalalakhian. Sa isang saling aklat ni Siy (2018) na *Pukiusap*, binanggit halimbawa si Aristotle na nagpanukalang ang puki ay hindi ganap na butò dahil sa katangiang pisikal ng *kleitoris* o *clitoris* (tinggil) na para kay Aristotle ay isang "*undeveloped phallus*." Kaya't ganoong kabilis tingnan ng sinaunang Gresya ang kababaihan bilang "*imperfect men*" (Tugano, 2024, p. 219; see also Keuls, 1993). Kaya naman, posibleng tingnan na ang panahong ito ay *turning point* ng pagbabago hinggil sa pagpapakahulugan ng mga katutubo sa kani-kanilang mga katawan.

Napapanahon ang pag-aaral na ito upang mapataas ang kamalayan ng mga Pilipino sa kanilang sariling katawan. Kailangang pagyamanin ang diskurso kaugnay ng *sex education* sa Pilipinas, na ang makikinabang ay pawang kabataang Pilipino. Sa nagdaang rehimeng Duterte, ipinamalas niya sa kaniyang mga talumpati ang biro ukol sa kaniyang *phallus* (Tugano at Santos, 2022; Tugano, 2024) upang yurakan ang kababaihan at mga kalaban sa politika. Naging mapanganib sa ganitong pagkakataon ang "pagbibiro" na may kinalaman sa mga *genitalia*—i.e. panggagahasa at pamamaril sa puki. Kung matatanggap ng bawat paaralan, tahanan, at sambayanan ang lantad na pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa mga *genitalia*, mareresolba nito ang ilang pambansang isyu katulad ng karahasan, pang-aabusong seksuwal, edukasyon, at

usaping pangkalusugan. Kailangang maipaliwanag sa bawat bata ang bahagi ng kaniyang katawan sa lantad nitong kahulugan at hindi sa abstraktong konseptong itinago sa mga eupemismo at metapora (Evasco, 2008, pp. 33-34). Dagdag ni de Vera (2021), "*...if we want to make sure that young boys become more responsible in talking about topics such as penis and sex, it is important that we help them know the importance of it.*" Sa ngayon, isinusulong ng ilang akdang pambata na maipaliwanag ang butò (titi) at puki (kiki) sa kamalayan ng kabataan. Halimbawa, sa akdang *Ako ay May Titi* (Gojo Cruz at Parrocha, 2019) at *Ako ay May Kiki* (Oris at Parrocha, 2020), ninormalisa ang pagkakabanggit sa titi at kiki upang matutuhan ng kabataan ang wastong pag-aalaga, paglilinis, at pagpoprotekta sa mga *genitalia* laban sa mga sakit at sa pang-aabusong seksuwal.

Etikang Pahayag

Nakaayon ang pananaliksik sa mga pamantayang etikal at alintuntunin ng National Research Council of the Philippines (NRCP). Bagaman pawang nakatuon ang pananaliksik sa pagsusuyod ng mga *vocabularios*, naglakip din ng ilang siping panayam mula sa ilang eksperto. Kinuha ang *oral consent* mula sa mga naging bahagi ng pag-aaral na ito.

Deklarasyon ng Salungat na Interes

Ipinapahayag ng mananaliksik na walang salungat na interes sa pananaliksik na ito. Ang anomang nilalaman ng artikulong ito ay hindi sumasalamain sa pananaw ng buong institusyong kinabibilangang ng mananaliksik. Walang usaping pinansiyal o pondo mula sa anomang organisasyon ang nakaugnay sa pananaliksik na ito.

Kontribusyon ng May-akda

Ang lahat ng pangangalap ng datos, pagbubuo ng balangkas, at pagsusulat ng pananaliksik ay mula sa may-akda. Sa kabuoan, ang paksang may kinalaman sa butò ay ipinagpapasalamat ng may-akda kina **Dr. Zeus A. Salazar**, ang "Ama ng Pantayong Pananaw at Historiograpiyang Pilipino," at **Dr. Vicente C. Villan** ng Departamento ng Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman na humikayat sa may-akda upang pag-aralan ang butò sa lipunan at kasaysayang Pilipino.

Mga Sanggunian

- Adams, D. (1985). Latin Mas and Masturbari. *Glotta* 63(3-4), 241-247.
- Aguila, N. (2023, November 23). 'Walang Bayag,' 'Libog,' 'Luto ng Diyos': How Sexuality Keywords Reflect Filipinos' Thinking About Sex. When is a word bastos? *Esquire*. <https://www.esquiremag.ph/long-reads/features/michael-tan-filipino-sexuality-keywords-a2512-20231123-lfrm2>.
- Alfonso, I.C. (2023). *Dogs in Philippine History*. Philippine Historical Association, Project Saysay Inc., at Alaya Publishing.
- Ambrosio, D. (2010). *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*. University of the Philippines Press.
- Barretto-Tesoro, G. (2013). Ano at Saan ang Lumban sa Pagdating ng Kastila? In Z. Salazar at M.C. Peñalosa (mga ed.), *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (pp. 287-308). Bagong Kasaysayan Inc., at Pila Historical Society Foundation, Inc.
- Bautista, J. at Planta, M.M. (2009). The Sacred and the Sanitary: The Colonial Medicalization of the Filipino Body. In B. Turner at Z. Yangwen (mga ed.). *The Body in Asia* (pp. 147-164). Berghahn Press.
- Bellwood, P. (1985). *Prehistory of the Indo-Malaysian Archipelago*. Academic Press.
- Berango, S. (2024). Personal Communication. *Facebook Messenger*. 29 April.
- Berango-Agapito, L. (2024). Personal Communication. *Facebook Messenger*. 29 April.
- Bergaño, D. (1732). *Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance*. Imprenta de Ramirez y Giraudier.
- Blanco, M. (1865). *Confesion at Comunion, Aral Baga na Icacagayac nang Cristiano sa Pagcocompisal at Paquiquinabang*. M. Sanchez.
- Blust, R. (1980). Austronesian Etymologies. *Oceanic Linguistics* 19(1-2), 1-181, 183-189.
- Blust, R. at Trussel, S. (2010). The Austronesian Comparative Dictionary, Web Edition. *Trussel 2*. <https://www.trussel2.com/ACD/>.
- Boxer Codex. (1590). The Manners, Customs, and Beliefs of the Philippine Inhabitants of Long Ago. In C. Quirino at M. Garcia (mga ed. at trans.), *The Manners, Customs, and Beliefs of the Philippine Inhabitants of Long Ago: Being Chapters of a Late 16th Century Manila Manuscript*. National Institute of Science and Technology, 1961.
- Brewer, C. (2021). Baylan, Asog, Transvestism, and Sodomy: Gender, Sexuality and the Sacred in Early Colonial Philippines. In M. Blasius at R. Chu (mga ed.), *More Tomboy, More Bakla than we Admit: Insights into Sexual and Gender Diversity in Philippine Culture, History, and Politics* (pp. 123-149). Vibal Foundation, Inc.
- Buenavides, M. (1605). Complaints against the Chinese. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XIII* (pp. 271-286). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Buzeta, M. (1850). *Gramatica de la Lengua Tagala*. Imprenta de D. Jose de la Peña.
- Carro, A. (1849). *Vocabulario de la Lengua Ilocana*. Establecimiento Tipografico del Colegio de Santo Tomas.
- Castro, N. (2024). Personal Communication. *Facebook Messenger*. 20 April.
- Churchill, M. (1977). Indian Penetration of Pre-Spanish Philippines: A New Look at the Evidence. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* 15(1), 21-45.
- Clark, J. (2018, December 5). Culture & tradition: Phalluses and Phallic Symbols of the Philippines. *Aswang Project*. <https://www.aswangproject.com/culture-tradition-phalluses-and-phallic-symbols-of-the-philippines/>.
- Colin, F. (1663). Native Races and their Customs. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XL* (pp. 37-98). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Covar, P. (1993). Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Special Issue: 79-90, 2015.
- Desquibel, P.H. (1599). Ordinances of Audiencia. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XI* (pp. 21-81). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Domingo, N. (2021). La India Elegante y el Negrito Amante: Pagdalumat ng Pagkatao Gamit ang Tambalang Lapit. In G. Zafra at A. Chua (mga ed.), *Pagbabalik, Pagbantayog sa Filipino: Antolohiya ng mga Piling Saliksik sa Pandaigdigang Kongreso sa Araling Filipinas sa Wikang Filipino* (pp. 128-190). Philippine Cultural Education Program, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, at Komisyon sa Wikang Filipino.
- Elkins, D. at Regier, D. (mga comp.). (1973). *Manobo, Cinamiguin Wordlist*. Summer Institute of Linguistics.

- Esquejo, K. (2021). Personal Communication. *Facebook Messenger*.
- Evasco, E. (2008). Kapag Maselan ang Larong-bata: Ang Panitikang Pambata bilang Pananggalang sa Abusong Seksuwal sa Bata. *Humanities Diliman* 5(1-2), 1-46.
- Fernandez, D. (1987). Historias, Crónicas, Vocabularios: Some Spanish Sources for Research in Philippine Food. *Philippine Studies* 35(3), 279-295.
- Francisco, J. (1977). Indian Imprint. In A. Roces (ed.), *Filipino Heritage: The Making of Nation; Volume 3* (pp. 576-580). Felta Book Sales.
- Gealogo, F. (2004). Kasalanan sa Ikaanim na Utos: Katawan at Katauhan sa Diskurso ng mga Tekstong Historikal Noong Ika-19 na Dantaon. In M.D. Jose at Navarro, A. (mga ed.), *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (pp. 67-81). C & E Publishing, Inc., 2010.
- Gojo Cruz, G. (awt.) at Parrocha, B. (illus.). (2019). *Ako ay May Titi*. Lampara Publishing House, Inc.
- Guillermo, R. (2009). *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. University of the Philippines Press.
- Hart, D. at Hart, H. (1990). Visayan Swardspeak: The Language of a Gay Community in the Philippines. *Crossroads: An Interdisciplinary Journal of Southeast Asian Studies* 5(2), 27-49.
- Javier, J. at Landicho, M. (2024). The Biblical, the Moral, and the Legal: Juxtaposing Filipino/Tagalog Translations of Biblical Passages and Local Views on Sex, Gender, and Sexuality. In R. Moratto at M.A. Bacolod (mga ed.), *Translation Studies in the Philippines: Navigating a Multilingual Archipelago* (pp. 100-115). Routledge.
- Jose, M.D. (2021). Kababaihan, Potograpiya, at Kasaysayan: Isang Pagsusuri sa Imahen ng Kababaihan sa Potograpiyang Kolonyal sa Harap ng Imperyalismong Amerikano. Dissertation. University of the Philippines Diliman.
- Jose, M.D. at A. Navarro. (2004). Katawan at Kaluluwa sa Kronikang Español: Pagtatalaban ng Sexualidad at Ispiritwalidad noong Dantaon 16-18. In M.D. Jose at A. Navarro (mga ed.), *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (pp. 39-65). C & E Publishing, Inc., 2010.
- Keuls, E. (1993). *The Reign of the Phallus: Sexual Politics in Ancient Athens*. University of California Press.
- Kiko's Sketches & Kicks. (2009, March 18). Parot Mo! Kiko's Sketches & Kicks. https://kikogacias.blogspot.com/2009/03/parot-mo_18.html.
- Kirshenblatt-Gimblett, B. at Fernandez, D. (2003). Culture Ingested: On the Indigenization of Philippine Food. *Gastronomica: The Journal of Food and Culture* 3(1), 58-71.
- Lasco, L. (2014). Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon. *Saliksik E-Journal* 3(1), 119-172.
- Lasco, L. (2015). Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan ng Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses. *Saliksik E-Journal* 4(1), 13-86.
- Legazpi, M.L. (1569). Relation of the Filipinas Islands and of the Character and Conditions of their Inhabitants. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. III* (pp. 54-61). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Leon, N. (n.d.). Penis. *English-Hokkien Dictionary*. <https://niawdeleon.com/hokkien-dictionary/?searchTerm=penis>.
- Lisboa, M. (1865). *Vocabulario de la Lengua Bicol*. Est. del Colegio de Santo Tomas.
- Loarca, M.L. (1582). Relation of the Filipinas Islands. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. V* (pp. 34-187). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Lobel, J.W. (2004). Old Bikol -um- vs. mag- and the Loss of a Morphological Paradigm. *Oceanic Linguistics* 43(2), 469-497.
- Lopatin, I.A. (1960). *The Cult of the Dead Among the Natives of the Amur Basin; Volume 6 of Central Asiatic Studies*. Mouton at Indiana University.
- Madrid, R. (2013). Ang Pariancillo ng Molo, Iloilo sa Pagtatagpo ng Hiligaynon at Hok-kien bilang mga Wikang Pangkalakalan noong Dantaon 18. *Saliksik E-Journal* 2(1), 100-126.
- Manapat, R. (2011). Mathematical Ideas in Early Philippine Society: Posthumous Essay. *Philippine Studies* 59(3), 291-336.
- Manuel, E.A. (1991). Introducing Philippineasian. In A. Azurin (ed.), *Aghamtao: Cultural Pluralism and Nationhood* (pp. 22-48). Kalikasan Press.
- Marquez, J.J. (2021). Pecado Nefando and the Chinese in Early Spanish Philippines: Hispano-Asian Encounters and Ethnosexual Discourses. In M. Blasius at R. Chu (mga ed.), *More Tomboy, More Bakla than we Admit: Insights into Sexual and Gender Diversity in Philippine Culture, History, and Politics* (pp. 169-192). Vibal Foundation, Inc.

- Messing, G. (1956). The Etymology of Lat. Mentula. *Classical Philology* 51(4), 247-249.
- Morga, A. (1609). Sucesos de las Islas Filipinas. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XVI* (pp. 25-209). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Newell, L. (comp.). (2006). *Romblomanon Dictionary*. Linguistic Society of the Philippines.
- Noceda, J. at San Lucar, P. (1860). Vocabulario de la Lengua Tagala. Manila, 1754.
- Ocampo, N. (2010). Halika Iha: Persepsyon at Realidad ng "Pambababae" ng Kapariang Espanyol sa Pilipinas sa Dantaon 19. In N. Ocampo (ed.), *Paghigugma-anan: Romansa at Pagniniig sa Kasaysayang Pilipino* (pp. 86-92). Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts.
- Oris, G. (awt.) at Parrocha, B. (illus.). (2020). *Ako ay May Kiki*. Lampara Publishing House, Inc.
- Oropesa, S. (2009). "Obscuritas" and the Closet: Queer Neobaroque in Mexico. *Publications of the Modern Language Association of America* 124(1), 172-179.
- Pawilen, R. (2024). Personal Communication. *Facebook Messenger*. 26 April.
- Pigaffeta, A. (1524). First Voyage Around the World. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XXXIII* (pp. 26-366). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Pilot, I. at Kanter, A.E. (1923). Studies of Fusiform Bacilli and Spirochetes: III. Occurrence in Normal Women about the Clitoris and Significance in Certain Genital Infections. *The Journal of Infectious Diseases* 32(3), 204-207.
- Potet, J. (2017). *Ancient Beliefs and Customs of the Tagalogs*. Lulu Press, Inc.
- Quiason, S. (1985). The Tianguí: A Preliminary View of an Indigenous Rural Marketing System in the Spanish. *Philippine Studies* 33(1), 22-38.
- Religer. (n.d.). Philippine (Tagalog): Bibit. *Religer*. <https://religer.org/philippine-tagalog-bibit/>.
- Reyes, Rachel. (2017, July 18). How the Tagalog word 'libog' came to sound so rude. *The Manila Times*, <https://www.manilatimes.net/2017/07/18/opinion/analysis/tagalog-word-libog-came-sound-rude/338988>.
- Reyes, R. (2004). Love, Passion and Patriotism: Sexuality and the Philippine Propaganda Movement, 1882-1892. Dissertation. School of Oriental and African Studies, University of London.
- Reyes, R. (2012). Sodomy in Seventeenth-Century Manila: The Luck of a Mandarin from Taiwan. In R. Reyes at W. Clarence-Smith (mga ed.), *Sexual Diversity in Asia, c. 600-1950* (pp. 127-140). Routledge.
- Reyes, R. (2021). Sodomy in Seventeenth-Century Manila: The Luck of a Mandarin from Taiwan. In M. Blasius at R. Chu (mga ed.), *More Tomboy, More Bakla than we Admit: Insights into Sexual and Gender Diversity in Philippine Culture, History, and Politics* (pp. 151-167). Vibal Foundation, Inc.
- Rios, M.I. (1989). *A Composite Dictionary of Philippine Creole Spanish*. Linguistic Society of the Philippines at Summer Institute of Linguistics.
- Rivers, W. (1920). The Statues of Easter Island. *Folklore* 31(4), 294-306.
- Ruano-Ramirez, J.A. (2013). Locating their Penis: Pilipino American College Male Performativity, Sexuality, and the Bahag Syndrome. Thesis. California State University San Marcos.
- Ruiz, M. (1630). *Bocabulario Tagalo* (Tagalog-Spanish Dictionary) (ed. J.M. Francisco). Pulong: Sources for Philippines Studies, Ateneo de Manila University at Raintree Publishing, Inc., 1997.
- Salazar, Z. (1976). Ang Kamalayan at ang Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya. In R. Pe-Pua (ed.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* (pp. 83-92). Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1982.
- Salazar, Z. (1983). *The Ethnic Dimension*. Caritas.
- Salazar, Z. (1998). *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Palimbagan ng Lahi.
- Salazar, Z. (1999). Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas* 2.
- Salazar, Z. (2013). Tundun-Pailah-Binwangan: Ang Sistemang Ilog Ilawud-ilaya ng Katagalugan, Bilang Halimbawa ng Isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan. In Z. Salazar at M.C. Peñalosa (mga ed.), *Ang Saysay ng Insripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (pp. 341-467). Bagong Kasaysayan Inc., at Pila Historical Society Foundation, Inc.
- San Agustin, G. (1787). *Confessionario Copioso en Lengua*

- Española y Tagala, para Direccion de los Confessores, y Intruccion de los Penitentes.* Convento de Nuestra Señora de Loreto.
- San Antonio, F. (1624). *Vocabulario Tagalo (Tagalog-Spanish Dictionary)* (ed. A. Postma). Pulong: Sources for Philippines Studies, 2000.
- San Antonio, J.F. (1738). The Native Peoples and their Customs. In E.H. Blair at J.A. Robertson (mga ed. at trans.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XL* (pp. 296-373). The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- San Buenaventura, P. (1613). *Vocabulario de Lengua Tagala; El Romance Castellano Puesto Primero; Primera, y Segunda Parte por Fr. Pedro de San Buenaventura, Inutil e Indigno Religioso Franciscano Descalzo; Dirigido a D. Ivan de Silva Cavallero del Orden de Santiago Gobernador y Capitan General de Estas Islas, y Presidente de su Audiencia y Chancelleria Real; Con Licencia Impreso en la Noble Villa de Pila, por Thomas Pinpin y Domingo Loag Tagalos, Año de 1613.* Impreso en la noble Villa de Pila.
- San Jose, F. (1792). *Librong Pinagpapalamnan yto nang Aasalin nang Tauong Cristiano sa Pagcoconfesor at sa Pagcocomulgar.* Manila: Unibersidad de Santo Tomas.
- Sanchez, M. (1711). *Vocabulario de la Lengua Bisaya.* Colegio de la Sagrada Compania de Jesus.
- Santiago, L. (1997). The Roots of Pila, Laguna: A Secular and Spiritual History of the Town (900 AD to the Present). *Philippine Quarterly of Culture and Society* 25(3-4), 125-155.
- Santos, D. de los. (1703). *Vocabulario de la Lengua Tagala.* Reimpreso en la Imprenta de N.S. de Loreto del Pueblo de Sampaloc, por El Hermano Balthasar Mariano Donado Franciscano.
- Scott, W.H. (1994). *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society.* Ateneo de Manila University Press.
- Serrano Laktaw, P. (1889). *Diccionario Hispano-Tagalog.* Establecimiento Tipografico "La Opinion" a Cargo de G. Bautista, Binondo.
- Shilling, C. (2003). *The Body and Social Theory.* Sage Publications.
- Siy, B. (trans.). (2018). *Pukiusap.* Anvil Publishing, Inc.
- Sunnexdesk. (2014, February 11). Tangingco: Sex and Kapampangans. *Sunstar.* <https://www.sunstar.com.ph/more-articles/tangingco-sex-and-kapampangans->
- Tangingco, R. (2006). Lost & Found in Translation. *Singsing* 4(2), 12-14.
- Tenazas, R. (1968). A Report on the Archaeology of the Locsin-University of San Carlos Excavations in Pila, Laguna (September 4, 1967-March 19, 1968). Private Publication.
- Tenazas, R. (1982). Evidences of Cultural Patterning as Seen through Pottery: The Philippine Situation. *SPAFA Digest* 3(1), 4-17.
- Totanes, S. (1865). *Arte de la Lengua Tagala y Manual Tagalog.* Imprenta de Miguel Sanchez y Ca.
- Tugano, A.C. (2023). Linga Travel: Dissecting Phallic Symbolism in South and Southeast Asian Context. *Bidlisiw Journal* 3(2), 14-35.
- Tugano, A.C. (2024). Ang Popularidad ng Phallic Jokes: Isang Kritikal na pagsusuri sa mga Phallokratikong Pahayag ni Rodrigo Duterte sa Midya. *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 21(1), 215-265.
- Tugano, A.C. at Santos, M.J. (2022). Ang Phallokrasiya ni Duterte sa Midya bilang Mang Kanor ng Politikang Pilipino. *Talastasan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies* 1(2), 30-49.
- Turner, B. (1992). *Regulating Bodies: Essays in Medical Sociology.* Routledge.
- Vera, K. de. (2021, September 1). Its Penis, not a 'Birdie': Let's talk about Young Boys Sexuality and Reproductive Health. *GM Bicol for SRHR, Inc.* <https://www.gmbicol.org/post/its-penis-not-a-birdie-let-s-talk-about-young-boys-sexuality-and-reproductive-health>.
- Wayman, A. (1987). O, That Liṅga! *Annals of the Bhandarkar Oriental Research Institute* 68(1-4), 15-54.
- Whitney, W.D. (1886). The Upanishads and Their Latest Translation. *The American Journal of Philology* 7(1), 1-26.
- Wiktionary. (n.d.). Titi. *Wiktionary.* <https://en.wiktionary.org/wiki/titi>.
- Williams, S.M. (1899). *Sanskrit-English Dictionary.* Clarendon.
- Wolfenden, E. (comp.). (1978). *Bicolano (Virac, Catanduanes) Wordlist.* Summer Institute of Linguistics.
- Zubero, R.C. (1895). *Buhay ni Santa Rita de Casia.* Asilo de Huerfanos.